Pangalan:_______________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula:__________________ Petsa Nang Natapos:______________ Marka:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Epekto ng *Graft and Corruption* sa Lipunan**

**PANUTO:** Sagutin ang mga tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang

______1. Ang graft at corruption ba ay magkasingkahulugan?
a. Oo, dahil pareho silang pag-abuso sa poder.
b. Oo, dahil pareho silang pagpapayaman sa poder.
c. Hindi, dahil ang graft ay pagpapayaman sa poder at ang corruption ay pagabuso sa poder.
d. Hindi, dahil ang graft ay pag-abuso sa poder at ang corruption ay pagpapayaman sa poder.

______2. Alin sa sumusunod ang kahulugan ng graft?
a. pag-abuso sa poder
b. pagpapayaman sa poder
c. pagpapayaman at pag-abuso sa poder
d. pagpapayaman sa poder at pagpapakasaya

______3. Alin sa sumusunod ang kahulugan ng corruption?
a. panlilinlang
b. panlalamang
c. pagpapayaman sa poder
d. pagpapakasaya sa poder

______4. Ano ang humuhubog sa likas na kabutihan ng tao?
a. pagiging masipag
b. pagiging matiisin
c. pagkakaroon ng disiplina
d. paggabay ng matinong lipunan

______5. Ano ang nakapagpapabuti sa likas na kasamaan ng tao?
a. pagiging responsible
b. pagiging mapangahas
c. pagkakataong makapaglaro
d. pagkakataong makapagpakitang-gilas

______6. Alin sa sumusunod ang pag-iwas sa graft and corruption?
a. mahubog ang pagkatuso ng mga tao
b. magkaroon ng mga mamamayang nangangarap
c. makapagpasiya ang bawat isa sa buhay at magawa ang anumang naisin
d. mahubog sa kabutihan ang mga tao at magkaroon ng mapagpalayang lipunan

______7. Paano mahuhubog ng tao ang lipunan tungo sa kaunlaran at katiwasayan?

a. sa pagpapakahusay sa pagpapayaman
b. sa kaniyang paghahangad na siya ay makinabang sa lipunan
c. sa kaniyang paghahangad na magkaroon ng sariling pamilya
d. sa pagpapakahusay sa pag-aaral at pagpapalalim ng kabutihan ng kalooban

______8. Ano ang tinutukoy ng “tamang dapat gawin”?

a. ang kakayahang may kinalaman sa pagtalima sa kaisipang mabuti
b. ang nakabatay sa malalim ng pananampalataya ng tao
c. ang kakayahang lumalago sa malabahagdang kakayahang maging mabuti
d. ang kakayahang nakabatay sa kagustuhan ng lipunan na ito ay ituro sa mga tao

______9. Alin ang hindi iminumungkahi ng United Nations Convention against Corruption?

a. pananagutan sa paggamit ng salapi
b. kaparusahan sa gumagawa ng corruption
c. pandaigdigang kooperasyon sa pagsugpo ng korupsiyon
d. pagpapahiya sa mga pinaghihinalaang gumagawa ng korupsiyon

______10. Alin sa sumusunod ang hatol ng Sandiganbayan kay dating Pangulong Joseph Ejecito Estrada?

a. pandarambong (plunder) at pagmumulta
b. pandarambong (plunder) at pagmumulta ng ₱10 milyon
c. pandarambong (plunder) at pagkakakulong ng 10 taon
d. pandarambong (plunder) at habambuhay na pagkakakulong

______11. Ayon sa Saligang Batas 1987 ng Republika ng Pilipinas, saan nakabatay ang katungkulang pambayan?

a. sa pagtitiwala ng bayan
b. sa husay ng namumuno
c. sa kabaitan ng namumuno
d. sa kagustuhan ng mamamayan

______12. Alin ang hindi naidudulot ng graft and corruption sa aspekto ng pangkabuhayan at panlipunan?

a. kahirapan
b. pandemya
c. kriminalidad
d. mababang kalidad ng edukasyon

______13. Alin ang hindi kasama sa mga halimbawa ng korupsiyon?

a. mahikayat na gumawa ng labag sa batas bilang pinunong pambayan

b. pinunong pambayang sumisingit sa nagpapabakuna laban sa COVID-19

c. paghihikayat ng kapuwa pinunong pambayan na gumawa ng labag sa batas

d. pagtanggap ng regalo na may kinalaman sa kontrata o transaksiyon sa pamahalaan

______14. Sa usaping talamak ang graft and corruption sa pamahalaan, paano napahahalagahan ng maraming mamamayang Pilipino ang kanilang karapatang bumoto?

a. Hindi na sila bumoboto.

b. Ipinagbibili ang boto para tablahan na lang.

c. Naipagbibili ang boto para sila ay yumaman din.

d. Hindi na inaaral ang plataporma ng mga kandidato.

______15. Paano mahuhubog ng isang Pilipino ang kaniyang bayan?

a. sa pagiging mapangahas sa buhay

b. hindi siya maniniwala sa mga politiko

c. paghuhusayin niya ang kaniyang pagkatao

d. hindi siya boboto sa nangangakong politiko